“Deklarasyon ng State of Emergency sa Sistemang Medikal ng Sapporo City” ayon sa mga Pangunahing Hakbang

～ Mga Pangunahing Hakbang ayon sa Special Measures Law ～

Mayo 8, 2021

Saklaw na Lugar	Sapporo City
Panahon	Mayo 9, 2021 (Linggo) ～Mayo 31 (Lunes)
Mga Pamamaraan	Ayon sa “Deklarasyon ng State of Emergency sa Sistemang Medikal ng Sapporo” ang pagkakaroon ng pi pakikisalamuha ay nararapat na masidhing mabawasan kaya hangga’t maaari ay iwasang lumabas o magbiyahe sa loob ng Sapporo City, base sa Special Measures Law Artikulo 31-6 at Artikulo 24, hinihiling sa mga Residente ng Hokkaido na ipatupad ang mga Pangunahing Hakbang.

【Para sa Residente at Nananatili sa Sapporo】（5/9～）

(Sa Paglabas o Pagbiyahe)

◆Iwasang magbiyahe sa labas ng lungsod kung walang mahalaga o madaliang pakay (Special Measures Law Artikulo 24 Item 9)

※ Partikular, bukod sa pagpunta sa pagamutan, pamimili ng mga pangunahing gamit sa pamumuhay, pagpasok sa trabaho, pag eehersisyo, iwasang lumabas ng tahanan at umiwas sa mga mataong lugar at oras.

◆ Iwasang magbiyahe sa ibang Preperektura lalo na sa mga nasa ilalim ng State of Emergency kung walang mahalaga o madaliang pakay (Special Measures Law Artikulo 24 Item 9)

(Sa Pagpunta sa Restawran, Bar at iba pa)

◆Iwasang pumunta sa mga restawran,bar at iba pa pagkalipas ng alas 8 ng gabi (Special Measures Law Artikulo 31-6 Item 2)

◆Iwasang pumunta sa mga restawran, bar at iba pa na hindi nagpapatupad ng mga Pangunahing hakbang at hindi sumusunod sa pagpapaikli ng oras ng serbisyo. (Special Measures Law Artikulo 24 Item 9)

◆Iwasang mag inuman o magsalu-salo nang maramihan sa kalsada o parke na kung saan mataas ang peligro ng impeksyon (Special Measures Law Artikulo 24 Item 9)

◆Hangga’t maaari ay huwag makipag salu-salo sa hindi kasambahay. (Special Measures Law Artikulo 24 Item 9)